IMUS, MAHAL KONG BAYAN

# BANAAG

OFFICIAL NEWSLETTER PUBLICATION OF THE CITY GOVERNMENT OF IMUS




Photo Credits:
Office of the City Information Officer
Office of the City Tourism Officer
Office of the Congressman

## EDITORIAL BOARD

Editor-in-Chief:
ERVIN ACE H. NAVARETTE


Managing Editor
NIKKI ELLINE C. BARCO

Head Writer:
FRANCESCA MANDAC

Art Director:
HAROLD MOROTA

# TABLE OF CONTENTS












GAWAD KALASAG ........ PAGE 3

NATIONAL BIBLE MONTH ........ PAGE 4

EBOSS 2025 ........ PAGE 5

WOMEN'S WELFAREV PROGRAM

SIGNING OF PEACE COVENANT AND UNITY WALK ........ PAGE 6

LSB AND GFPS MONTHLY MEETING

IMUS PESO HINIRANG NA HIGH PERFORMING PESO IN REFERRAL AND PLACEMENT OF QUALIFIED JOBSEEKERS

JOB MATCHING ACTIVITY - LANDERS ........ PAGE 7

MEDICAL AND DENTAL MISSION

LIBRENG FLU VACCINE PARA SA MGA SENIOR CITIZEN

CONGRESSMAN AJ CUP BASKETBALL TOURNAMENT ........ PAGE 8

CONGRESSMAN AJ CUP VOLLEYBALL TOURNAMENT

# GAWAD KALASAG

## SEAL OF EXCELLENCE IGINAWAD SA IMUS LGU



Sa tatlong sunod-sunod na taon, nakakuha ng Beyond Compliant rating o 2.83 rating ang Office of the City Disaster Risk Reduction and Management Office (CDRRMO) ng Pamahalaang Lungsod ng Imus sa ika-24 na Gawad KALASAG (KAlamidad at Sakuna LAbanan, SAriling Galing ang Kaligtasan) Seal for Local DRRM Councils and Offices (LDRRMCOs) Category ng National DRRMC nitong Enero 28, 2025.

Bukod pa rito, pinarangalan din ang tanggapan ng Plaque of Recognition nang maging regional finalist para sa special award na Government Emergency Management and Response Teams (Advanced) Category sa ika-24 na Gawad KALASAG Special Awards for Excellence in DRRM and Humanitarian Assistance ng Regional DRRMC, kung saan inirepresenta ng Imus ang buong rehiyon.

Personal na tinanggap nina **Konsehal Atty. Wency Lara** at **CDRRMO Head Marisel Cayetano** ang mga nasabing parangal.

Patunay ito sa mas angat na mga kasanayang isinasagawa ng Imus CDRRMO para masiguro ang kahandaan at kaligtasan ng mga Imuseño sa anumang panganib na maaaring humantong sa sakuna.





# NATIONAL BIBLE MONTH



Pinuri, pinasalamatan, at isinabuhay ng humigit-kumulang 2,200 Kristiyanong Imuseño ang Salita ng Diyos sa pagdiriwang ng National Bible Month nitong Biyernes, Enero 31, 2025, sa City of Imus Sports Complex.



Ibinahagi ng batikang aktres na si Amy Austria – Ventura ang mga biyayang kaniyang natanggap sa pananampalataya sa Diyos at sa relihiyosong pagbabasa ng Bibliya.

Nakasama rin sa pagpupuri sa Panginoon sina **Congressman AJ Advincula**, **Imus City Mayor Alex "AA" L. Advincula**, **Imus City Vice Mayor Homer "Saki" T. Saquilayan**, **Konsehal Dennis Lacson, Konsehal Igi Revilla Ocampo, Konsehal Enzo Asistio Ferrer, Konsehal Larry Nato, Konsehal Lloyd Jaro, Konsehal Mark Villanueva, Konsehal Sherwin Lares – Comia**, dating konsehal **Tito Monzon**, at dating Liga ng mga Barangay President **AJ Sapitan Jr**.

Kinilala rin ng lokal na pamahalaan ang dedikasyon ng mga alagad ng Diyos sa pagpapalaganap ng Kaniyang banal na Salita.

Pinangunahan ng Tanzang Luma Orchestra, ng Grace Revealed City Church, at ni Arnel De Pano ang pag-awit sa mga kantang nagpatibay pa sa pananampalataya ng mga Imuseño. Umindak naman sa tugtugin ang Imus City Government and Church Dancers, Imus Institute Batch '86, at mga guro ng child development centers sa Imus.

Nagtapos ang pagsamba sa pagdarasal na pinamunuan ni City Chaplain Ramil Ilano kasama ang Imus City Hall Choir.

Hinikayat din ni Mayor AA ang kaniyang mga kapwa Kristiyano na iparamdam ang pagmamahal ng Diyos sa pamamagitan ng pagtulong at pagmamalasakit sa kanilang kapwa.



# eBOSS 2025: Pagrehistro ng 13,515 negosyo sa Imus




Buong puwersang pinagserbisyuhan ng Pamahalaang Lungsod ng Imus ang mga nagparehistro ng kanilang mga negosyo sa Electronic Business One-stop Shop (eBOSS) mula Enero 2–31, 2025, sa New Imus City Government Center.

Sinuri din ni **Imus City Mayor Alex “AA” L. Advincula** ang takbo ng operasyon sa eBOSS sa kaniyang pagbisita noong Enero 7. Kinumusta at pinasalamatan niya ang mga negosyanteng Imuseñong matiyagang naglakad ng kanilang mga permit.

Sa datos ng Office of the Business Permits and Licensing Officer, umabot sa 13,515 negosyo ang nagparehistro na kinabibilangan ng 535 bagong negosyo at 12,980 dati nang mga negosyo.

Napanatili ng Pamahalaang Lungsod ang tatlong hakbang na assessment, payment, at release sa pagproseso ng mga business permit.

Nakatulong din sa mga negosyante ang pagkuha ng kanilang permit online sapagkat hindi na nila kinailangan pang pumunta sa tanggapan upang magpasa ng mga kinakailangang dokumento at magbayad ng mga kinakailangang bayarin.

Para sa mga negosyanteng magrerehistro pa lamang ng kanilang mga negosyo, nananatiling bukas ang online eBOSS na egovcityofimus.ph/bpl/ at ang eBOSS center sa New Imus City Government Center, Brgy. Malagasang I-G. Bukas ito tuwing Lunes hanggang Biyernes mula alas-otso ng umaga hanggang alas-singko ng hapon.

Matatagpuan naman ang kumpletong listahan ng mga kakailanganing dokumento sa official website ng Pamahalaang Lungsod ng Imus na cityofimus.gov.ph/downloadable-forms. Hinihikayat ng lokal na pamahalaan ang pagrerehistro ng mga negosyo sa Imus upang maiwasan ang pagbabayad ng mga multa.

# WOMEN’S WELFARE PROGRAM




## 2,000 kababaihang Imuseño, pinagkalooban ng tulong pinansyal ng Cavite LGU

Sa pakikipagtulungan ng Pamahalaang Panlalawigan ng Cavite sa Pamahalaang Lungsod ng Imus, dinala ni **Governor Athena Tolentino** ang kaniyang Women’s Welfare Program sa Imus nitong Enero 22, 2025, kung saan nakasama niya sina **Congressman Adrian Jay “AJ” C. Advincula**, **Imus City Mayor Alex “AA” L. Advincula**, **Imus City Vice Mayor Homer “Saki” T. Saquilayan**, at mga konsehal.

Tinatayang humigit-kumulang 2,000 kababaihang Imuseño ang pinagkalooban ng P2,000 tulong pinansyal, kabilang na ang iba’t ibang mga papremyo mula sa ginanap na raffle draw.

# SIGNING OF PEACE COVENANT AND UNITY WALK



Nakiisa sina **Congressman Adrian Jay "AJ" C. Advincula**, **Imus City Mayor Alex "AA" L. Advincula, Imus City Vice Mayor Homer "Saki" T. Saquilayan**, at mga konsehal sa ginanap na Unity Walk, Peace and Interfaith Rally, at Covenant Signing ng Commission on Elections at Philippine National Police noong Enero 13, 2025.

Ang pakikiisang ito ay sumisimbolo sa dedikasyon ng mga lingkod bayan sa isang malinis, mapayapa, at matapat na halalan.

# LSB AND GFPS MONTHLY MEETING



Pinangunahan ni **Imus City Mayor Alex "AA" L. Advincula** ang mga unang pagpupulong ngayong taon ng Local School Board (LSB) at ng Gender and Development Focal Point System (GFPS) nitong Enero 28, 2025, sa New Imus City Government Center.

Tinalakay sa LSB meeting ang mga aktibidad na isinagawa at isasagawa ng mga pampublikong paaralan, gayon din ang mga programang nagsisigurong maayos ang kalagayan at pagkatuto ng mga mag-aaral. Pinalawak pa, base sa suhestiyon ni Mayor AA, ang ilan sa mga programa ng lungsod sa mga pribadong paaralan gaya ng pagbibigay ng libreng salamin sa mata sa mga batang mag-aaral na karapat dapat tumanggap nito. Gayundin ang pamamahagi ng mga mosquito repellant sa mga mag-aaral sa mga pribadong paaralan na may mataas na kaso ng dengue.

Pagdating naman sa pag-unlad ng iba't ibang kasarian sa lungsod, pinag-usapan ng mga miyembro ng GFPS ang mga nakalatag na plano para mas maintindihan ng publiko kung bakit pantay-pantay dapat ang pagtingin sa mga kasarian. Kasabay nito, ibinahagi ni Prof. King David Agreda ang kaniyang kaalaman sa usaping "Gender Matters: Building Inclusive and Safe Spaces in Governance" upang maging inklusibo pa ang pakikitungo ng mga kawani ng pamahalaan sa mga mamamayan.

# IMUS PESO HINIRANG NA HIGH PERFORMING PESO IN REFERRAL AND PLACEMENT OF QUALIFIED JOBSEEKERS



Iginawad sa **Imus Public Employment Service Office (PESO)** ang pinakamataas na parangal bilang High Performing PESO in Referral and Placement of Qualified Jobseekers Component City Category sa idinaos na Year-end Performance Assessment and Planning Exercises ng Department of Labor and Employment Region IV-A nitong Enero 29, 2025, sa Lucena City, Quezon.

Isa itong testamento sa pagsusumikap ng Pamahalaang Lungsod ng Imus na matiyak na

# JOB MATCHING ACTIVITY - LANDERS




## JOB MATCHING ACTIVITY PARA SA LANDERS IMUS, NAKAPAGTALA NG 488 APLIKANTE

Matagumpay na idinaos ng Imus Public Employment Service Office ang Job Matching Activity para sa nalalapit na pagbubukas ng Landers Imus noong Enero 10, 2025, sa New Imus City Government Center.

Tinatayang nasa 89 na aplikante ang natanggap agad, habang 119 naman ang nearly hired mula sa 488 aplikante.

Sa pamamagitan ng Job Matching Activity ng Pamahalaang Lungsod ng Imus, nakahahanap ang mga Imuseño ng trabahong angkop sa kanilang kakayahan.

# MEDICAL AND DENTAL MISSION

## DINALI NI VICE GOVERNOR SHERNAN JARO SA IMUS

Sa pakikipagtulungan ng tanggapan ni **Vice Governor Shernan Jaro** sa Pamahalaang Lungsod ng Imus, nahandugan ng libreng konsultasyon sa kalusugan at ngipin ang 600 Imuseño noong Enero 14, 2025, sa Greengate Subdivision.

Personal din silang kinumusta nina **Vice Governor Shernan Jaro, Congressman Adrian Jay "AJ" C. Advincula, Imus City Mayor Alex "AA" L. Advincula, Konsehal Atty. Wency Lara, Konsehal Enzo Asistio, Konsehal Darwin Remulla, Konsehal Igi Revilla Ocampo, Konsehal Sherwin Lares Comia, Konsehal Mark Villanueva, at dating konsehal Tito Monzon.** Nakatanggap din ang mga nagpakonsulta ng libreng gamot batay sa resulta ng pagsusuri sa kanila.




# LIBRENG FLU VACCINE

## PARA SA MGA SENIOR CITIZEN





Sa pamamagitan ng tanggapan ni **Congressman Adrian Jay "AJ" C. Advincula**, nabakunahan ang 5,011 lolo at lolang Imuseño ng bakuna kontra influenza ngayong Enero 2025 sa iba't ibang City Health Centers ng lokal na pamahalaan.

Tuloy-tuloy rin ang paghahatid ni Cong. AJ ng mga programang pangkalusugan para sa bawat Imuseño.

# CONGRESSMAN AJ CUP INTER-MOTHER BARANGAY BASKETBALL TOURNAMENT

Opisyal nang binuksan ni **Congressman Adrian Jay "AJ" C. Advincula** ang Third Congressman AJ Cup Inter-Mother Barangay Basketball Tournament nitong Enero 25, 2025, sa City of Imus Sports Complex.




Ayon kay **Cong. AJ**, layon ng ligang ito ang mailayo ang mga kabataan mula sa masasamang bisyo. Kaya naman, nagbigay-abiso siya sa mga manlalaro na huwag pangunahan ng init ng ulo sa pakikipaglaro ng basketbol, bagkus pairalin ang pagkakaibigan, pagkakaisa, at sportsmanship.

Samantala, inilahad ng kongresista ang mga makukuhang papremyo ng mga koponang masusungkit ang mga sumusunod na puwesto:

- Champion – P200,000
- 2nd place – P150,000
- 3rd place – P100,000

Makatatanggap naman ng consolation prize na P20,000 ang mga koponang hindi papalarin. Nagbabala rin si Cong. AJ na ang mga koponang masasangkot sa kahit anong uri ng hindi pagkakaunawaan ay hindi makatatanggap ng consolation prize.

Pinasalamatan din niya sina **Imus City Mayor Alex "AA" L. Advincula**, Commissioner Kith Villavin, mga barangay captain at Sangguniang Kabataan (SK) Federation Chairpersons, SK Federation President Glian Ilagan, at Officer-in-charge Jericho Reyes ng City of Imus Sports and Development Unit.

Nakasama naman sa ceremonial toss sina **Imus City Vice Mayor Homer "Saki" T. Saquilayan, Board Member Ony Cantimbuhan, Konsehal Lloyd Jaro, Konsehal Sherwin Lares Comia, Konsehal Dennis Lacson, Konsehal Igi Revilla Ocampo, Konsehal Atty. Wency Lara, Konsehal Darwin Remulla, Konsehal Mark Villanueva, dating konsehal Tito Monzon, at dating Liga ng mga Barangay President AJ Sapitan Jr.**

Ginanap din ang harapan ng mga pinakamagagandang dilag mula sa 20 koponan para sa Battle of Muse, kung saan hinirang na Best Muse ang pambato ng Carsadang Bago II na nakatanggap ng P20,000 papremyo. Bago ang ganap na pagsisimula ng paligsahan, hiniling ni Mayor AA sa mga manlalaro na magkaisa at magkakilanlan dahil walang ibang tutulong sa mga Imuseño kung 'di ang kapwa nila mga Imuseño. Nagtapos ang pagbubukas ng basketball tournament sa pagkamit ng unang mga panalo ng Malagasang I at Bucandala. Ang Ikatlong Congressman AJ Cup Inter-Mother Barangay Basketball Tournament ay isa sa mga CONGkretong AJenda ni Cong. AJ, katuwang ang Pamahalaang Lungsod ng Imus.

# CONGRESSMAN AJ CUP INTER-MOTHER BARANGAY VOLLEYBALL TOURNAMENT




Lumagablab ang pananabik ng mga balibolistang Imuseño sa pagbubukas ng Third Congressman AJ Cup Inter-cluster Volleyball Tournament nitong Enero 26, 2025, sa City of Imus Sports Complex.

"Kaya tayo nagpapaliga ng volleyball dahil gusto nating mailayo ang mga kabataan sa droga at lumaki ang volleyball community," saad ni Congressman Adrian Jay "AJ" C. Advincula sa pormal na pagbubukas ng naturang paligsahan. Pinaalalahanan din niya ang mga manlalaro na mag-ingat at iwasang makipag-away para sa maayos na pagtatapos ng liga.

Inanunsyo rin niya ang mga papremyong matatanggap ng mga koponang magwawagi:

- P200,000 para sa kampeon
- P100,000 para sa first runner-up
- P75,000 para sa second runner-up
- P50,000 para sa third runner-up; at
- P20,000 para sa consolation prize.

Samantala, ipinahayag ni Imus City Mayor Alex "AA" L. Advincula na ang mga manlalarong mapipiling irepresenta ang Imus sa iba pang mga paligsahan ay pagkakalooban ng scholarship upang maipagpatuloy pa rin ang kanilang pag-aaral.

"Gusto natin sa darating na panahon, kayong mga kabataan, kayo ang magkakaisa, tayo ay magtulong-tulong para maiayos at lalo nating mapaganda ang ating lungsod," dagdag pa ng alkalde.

Nagpasalamat naman si **Cong. AJ** sa mga taong bumubuo ng volleyball tournament. Ito ay sina Tournament Commissioner Joselyn del Rosario, Tournament Director Joey San Juan, mga opisyal ng laro mula sa Pilipinas Volleyball Association of Trainers Inc., Officer-in-Charge Jericho Reyes ng City Sports Development Unit, Office of the City Engineering, Office of the City Information Officer, Office of the City General Services Officer, at ang mga coach at manlalaro ng siyam na clusters.

**Bago magsimula ang mga palaro, nagkaroon ng ceremonial serving ang mga opisyal. Nilahukan ito nina Vice Governor Shernan Jaro, Imus City Vice Mayor Homer "Saki" T. Saquilayan, Board Member Ony Cantimbuhan, Konsehal Atty. Wency Lara, Konsehal Darwin Remulla, Konsehal Sherwin Lares Comia, Konsehal Igi Revilla Ocampo, Konsehal Dennis Lacson, dating konsehal Tito Monzon,** at dating Liga ng mga Barangay President AJ Sapitan Jr. Buong suporta rin ang ibinigay nina Cavite Sangguniang Kabataan (SK) Federation President Chelsea Sarno at Imus SK Federation President Glian Ilagan. Sa pagtatapos ng unang araw ng liga, wagi na naiuwi ng mga Cluster 1, 2, at 6 sa women's division ang kanilang mga panalo. Naging mainit naman ang labanan ng mga koponan sa men's division, kung saan nanalo ang mga Cluster 1, 6, at 7. Iginawad naman sa Cluster 6 ang Best Delegation Award at ang P20,000 premyo dahil sa kanilang masigasig na pagbibigay-lakas sa kanilang mga kasama.

Layon din nina Cong. AJ at Mayor AA na magkaisa ang mga Imuseño para sa patuloy na pag-angat ng Imus.